Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Pawiin ang inyong takot, O bayan ng Sion; ang Diyos na inyong Diyos ay dumarating sa inyo, aleluya.

## Pangkalahatang Panalangin

Manalangin tayo sa Diyos na ating Ama, na noong una'y tumawag sa kanyang bayan tungo sa kaligtasan:

— Panginoon, pangalagaan mo ang iyong bayan.

Ipinangako mong maghahasik ng binhi ng katarungan sa iyong bayan,
pangalagaan ang kabanalan ng iyong Simbahan.

— Panginoon, pangalagaan mo ang iyong bayan.

Panginoon, turuan ang lahat ng tao na makinig sa iyong Salita,
at tulungan ang mga mananampalataya na maging matiyaga sa kabanalan.

— Panginoon, pangalagaan mo ang iyong bayan.

Panatilihin kami sa pag-ibig ng iyong Espiritu,
upang kami'y makatanggap ng awa mula sa iyong Anak na darating sa mundo.

— Panginoon, pangalagaan mo ang iyong bayan.

Mahabaging Ama, palakasin kami hanggang sa wakas,
hanggang sa araw ng pagbabalik ng Panginoong Hesus.

— Panginoon, pangalagaan mo ang iyong bayan.

